AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 61**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 61** |
| --- |
| Theme: Ang Kwento Ng Batang Bakunawa At Ng Diyos ng Buwan - Ang Karagatan Ni Aman Sinaya |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : ANG KARAGATAN NI AMAN SINAYA**

**WRITING PROMPT LESSON 61**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Sa nakaraang kwento, lumipad ka kasama ni Libulan tungo sa lugar na kinaroroonan ng Batang Bakunawa. Saan naman kaya kayo tutungo ni Libulan? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Matapos ang inyong paglipad, narating niyo ang isang islang ayon kay Libulan ay nasa gilid ng rehiyon ng Bicol. Madilim ang gabi, kita mo pa rin ang pagtigil ng oras sa parte ng islang may mga kabahayan. Ang mga paniking nalipad ay tila nakatigil sa langit parang kapag pinindot mo ang pause na button sa pinapanuod mong palabas. Ang kakaiba sa isla'y ang tubig ng dagat ay gumagalaw. Tila ba may sariling mundo ang karagatan.

Nagbuntong-hininga muli si Libulan. Siya'y bumwelo sa kinatatayuan at sumigaw nang sobrang lakas. "AMAN SINAYA!!!!" Bumalik siya sa pagkakatayo nang maayos at wari'y may hinihintay.

Maya-maya'y nahati ang dagat. Mula dito'y tanaw ang isang babaeng papalapit sa inyong kinatatayuan. Pumikit ka dahil hindi ka makapaniwala sa iyong nakita. Pagmula't mo'y bumalik na ang dagat sa dati ngunit isang napakagandang babae ang nakalutang mula dito.

"Ano't bakit mo ako tinawag Libulan? Hindi ko gustong tinatawag ako…" napatigil sa pagsasalita ang babae. Tinignan niya ang langit. Muling nagsalita ang babae, "Andito ka para sa bakunawa, alam mo namang bawal ang mga tulad mong diyos ng langit sa aking karagatan. Magagalit si Bathala kapag ito'y kanyang nalaman."

"Aman Sinaya, o diyosa, hindi ako nandito para ako mismo ang tumapak sa iyong karagatan, aking dinala ang isang taong napakagaling." Itinuro ka ni Libulan sa magandang babae. Nakita mo sa mukha ni Aman Sinaya ang pagtataka, bakit kaya?

•Sa tingin mo, sino si Aman Sinaya? Ilarawan rin ang diyosa gamit ang iyong imahinasyon!
•Bakit kaya hindi maaaring tumapak sa karagatan ang mga diyos ng kalangitan?
•Ano kaya ang dahilan ni Libulan upang tawagin kang "espesyal"?
•Bakit kaya nagtaka si Aman Sinaya sa ginawang pagturo sa iyo ni Libulan?

**III.Teacher's Message**

Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."